

ANG LINGGWISTIKANG PILIPINO KASAYSAYAN, KALAGAYAN AT PATUTUNGUHAN

Leith Casel
Anicia del Corro
Emilita Cruz

Department of Linguistics and Asian Languages
University of the Philippines

Malawak ang saklaw ng linggwistikang Pilipino sa kasalukuyan. Kung tutuusin, hindi lamang ito mga gawaing linggwistika na naganap o nagaganap sa Pilipinas kung hindi pati na ang mga ginawa o ginagawa sa University of Hawaii o sa University of Michigan o sa Yale University. Sa ganoon, ipinalalagay na ang mga nahuhuling pag-aaral ay tinawag na linggwistikang Pilipino dahil mga wika sa Pilipinas ang mga sinusuri. Kung бага sa linggwistikang Tsino, mga wikang Intsik naman ang pinag-aaralan. Sa papel na ito mas bibigyang-pansin ang mga gawaing linggwistika na naganap o nagaganap sa Pilipinas.

Isa pang maaaring dahilan ng ganitong pagtawag ay ang nakaraming Pilipinong linggwista na kasali na ngayon.

Kung tama ang mga palagay na ito, napakahalagang itanong kung sapat na, na ang pagka-Pilipino nito ay ibatay lamang sa taong sumusuri o sa wikang sinusuri. Para sagutin ang katanungang ito, makabubuting tingnan natin ang kasaysayan at kalagayan sa kasalukuyan ng linggwistikang Pilipino nang sa gayon makita ang kakulangan nito kung mayroon man.

Sa papel na ito ibibigay na lamang ang mga mahahalagang pangyayari na kaugnay ng mga sitwasyong pangwika. Napakaikli ng panahon para matalakay ang linggwistikang Pilipino ng buong-buo kaya nga isang semestre ang inilalaan ng PNC-Ateneo Consortium at maging ng Unibersidad ng Pilipinas para dito. Ang kasaysayan at debelopment ng linggwistikang Pilipino ay isang malawak na aspekto ng pag-aaral. Dala ito ng karamihan ng mga wika at dayalektong ginagamit sa Pilipinas ngayon, na ayon sa reserts ng UP ay humigit-kumulang sa 500 lahat.

Ang pagbabago sa sitwasyong politikal ng isang bansa ay may kaalinsabay na pagbabago sa sitwasyong pangwika. Ito ay mas kapansin-pansin kung ang pagbabago ay dahil sa pananakop ng hindi kalahi. Hindi matatawaran ang katotohanang nakaimpluwensiya sa atin, kaugnay din ng linggwistika ang iba't ibang dayuhang sumakop sa atin. Ang panahon ng pananakop ng dayuhan ay nagpasimula ng sunud-sunod na pagbabago sa wika na ang epekto ay nararamdaman pa natin hanggang ngayon.

Dumating at sinakop ng mga Kastila ang Pilipinas noong 1521. Mahalaga ang ginampanan ng relihiyon upang makamit ang pangunahing layuning sakupin ang bansa. Hindi nakapagtataka na ang gawaing pangwika nang panahong iyon ay ibinuhos sa pagsulat ng konpesyonal, pagsasalin ng mga bibliya sa iba't ibang wika, pagbuo ng diksyonaryo at grammar.

Para maisagawa ang layunin nila ng tuluyan, napagkilala nila na kailangan ang isang wika ng pagkakaintindihan. Naniniwala sila na para lubusang malinawan at matanggap ang Kristiyanismo ng mga Pilipino, kailangang gamitin ang mga wika nila (Pilipino). Sa isang banda naniniwala din sila na kailangang panatilihin ang mga salita ng doktrinang kristiyano sa Kastila para mahirapan ang mga Pilipinong iugnay ito sa kanilang konseptong pagano (Phelan, 1955). Dahil dito nagkaroon ng malawakang pag-aaral ng mga etnikong wika. Sumulat ang mga misyonaryo ng mga katekismo at konpesyonal sa mga wikang ito. Ang layuning sumakop ang nagbunsod sa pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas. Malaking kontribusyon sa ating literaturang linggwistika ang panimulang ito.

Sa pag-aakalang ang mga etnikong wika natin ay mga Europeong wika, gaya ng Latin, ginamitan nila ang mga ito ng paraan o modelo ng pagsusuri na hindi naman angkop. Sa pag-uugma ng wika sa modelo, hinanapan nila ang wikang Pilipino ng katumbas halimbawa ng *ser* o *estar*. Dahil nga sa kalayuan ng modelo, hindi kataka-takang marami silang nakitang kakulangan sa mga wika natin. Sa aming palagay, isang dahilan ito na nakapagpatibay sa kanilang paniniwala na ang ating kultura ay mas mababang uri. Karapatdapat lamang tawaging kultura ng mga indios. Ganon pa man, ang mga pag-aaral lalo na sa mga pangunahing wika na natapos sa panahong ito ay dapat ding bigyang-halaga. Walang maipagpapatuloy hangga't walang nasisisimulan.

Maliban sa mga Kastilang prayle, may ilang Pilipino ding lumahok sa pag-aaral ng wika. Noong 1915, sinulat ni Gil Magat ang *Gramatica Ng Sabing Kastila't Capampangan*. Grammar ito ng Kastila na nasusulat sa Kapampangan. Sinabi ng autor na sumulat siya para makatulong sa mga kabataang matuto ng "magandang" wikang Kastila (Magat, 1915). Isa si Magat sa nabighani sa ganda ng wikang dayuhan. Dapat din nating bigyang-halaga ang intensyong magamit ito ng mga Pilipino na siyang naging dahilan sa pagsulat nito, kaya nga nasulat sa Kapampangan.

Nabago ang direksyon ng pag-aaral ng wika sa ilalim ng pamumuno ng mga Amerikano. Ito ang inaasahan sapagkat bago din ang mga layunin nila. Kahit na pinagpasiyahang Inggles ang gagamiting wika sa gobyerno at eskwelahan, hindi naman nakaligtaang pag-aralan ang mga wika sa Pilipinas. Nakita nila ang kahalagahan ng huli para maging ma-

bisa ang kanilang pamumuno. Sa mga unang taon ng ika-dalawampung siglo, tumatag na ang pag-aaral ng linggwistika sa Amerika. Sa siglong ito naging pinakamakahulugan ang istrukturalismong paraan ng pag-susuri. Nang dumating ang mga Amerikano sa Pilipinas, ginamit nila ang mga metodong linggwistikang ito. Noon lamang naging siyentipiko at mas akademiko ang mga pamamaraang ginagamit sa pag-aaral ng wika. Tama lamang itong tawaging linggwistika. Karamihan sa mga linggwista ay mga empleyado ng gobyerno o di kaya'y mga propesor ng mga unibersidad sa Amerika o ng Unibersidad ng Pilipinas (Constantino, 1968). Kahit na nagsimula sila sa mga simpleng pag-aaral kagaya ng sarbey, bokabularyo, diksyonaryo pati na grammar, maipagmamalaki ng panahong ito ang sinulat ng ilang mga pangunahing linggwista na hanggang ngayon ay itinuturing na mahahalagang pag-aaral. Kabilang na dito ang mga historikal na pag-aaral ni Carlos Conant gaya ng "Pepet Law in Philippine Languages (1912); at "The RGH Law in Philippine Languages (1910)". Sumulat naman si Hermann Costenoble tungkol sa "monosyllabic roots" (1937) ng mga wika sa Pilipinas. Kasama rin dito ang mga deskriptib na pag-aaral ni Frank Blake (1925), ni Leonard Bloomfield (1917) at ni Cecilio Lopez (1941) ng grammar ng Tagalog. Maraming sinulat si Morice Vanoverbergh tungkol sa Iloko.

Nagsimula noong 1903 ang pagpapadala ng mga pensiyonadong Pilipino sa ibang bansa para mag-aral at magsanay sila sa pagsasarili (Agoncillo, 1973). Isa na rito si Cecilio Lopez, ang pinaka-unang nakatapos ng kanyang doktorado sa linggwistika noong 1928 sa Hamburg, Germany. Matagal na nag-iisang Pilipinong linggwista si Dr. Lopez sa Pilipinas. Dahil kay Lopez, nagsimulang magkaroon ng aktibong partisipasyon ang Pilipino sa mga pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas. Malawak at komprehensibo ang kanyang pag-aaral. Kahanga-hangang patuloy pa rin ang interes niya sa linggwistika hanggang ngayon. Maraming kaalaman ang utang natin sa kanya.

Noong mga 1960 lamang siya nasundan pa ng ibang Pilipino na nabigyan ng iskolarsyip para makapag-aral sa ibang bansa, na karaniwan ay sa Amerika, kagaya nina Bonifacio Sibayan, 1954, Ernesto Constantino, 1955, Fe Otanes, 1958, Ernesto at Nelly Cubar, 1959 at Cesar Hidalgo, 1960.

Ang tradisyon ng pag-aaral ng linggwistika sa Pilipinas ay lumakas sa pagkakatatag ng sangay sa Pilipinas ng Summer Institute of Linguistics, noong 1953. Alam ng marami na ito ay isang organisasyon ng mga misyonaryong Amerikano na kaingang mag-aaral tungkol sa mga wika sa Pilipinas dahil sa katangian ng kanilang layunin. Mahalaga ang naitulong ng grupong ito sa pag-aaral ng linggwistika sa Pilipinas lalo na sa mga minor na wika. Hanggang sa kasalukuyan aktibo pa rin sila sa kanilang programa at ito'y tatalakayin sa ikalawang bahagi ng papel na ito.

Ang mga usap-usapan at mga reaksiyon ukol sa pagkapili ng basehan ng wikang pambansa noong 1935 ang isa pang isyu na nagbunsod sa pagdami ng mga artikulo sa wika.

Nabanggit na, na sa pagdating ng mga Amerikano, itinakda ang paggamit ng Ingles sa Pilipinas. Ngunit sa panahon ng Komonwelt, nagkaroon ng pagsubok sa pagsasarili ang mga Pilipino. Kasabay ng Pilipinisasyon ng edukasyon sa bansa ang pagbaba ng uri ng Ingles na ginagamit. Nagkaroon ng report tungkol dito si Clifford Prator, ang "Language Teaching in the Philippines". Ang report na ito ang nagpasimula ng panibagong takbo sa pag-aaral ng linggwistika sa Pilipinas, (Lande, 1970). Sinabi sa report na ito na ang kalidad ng pagtuturo ng Ingles ay sumasama. Upang malunasan ito, binigyang diin ang pag-aaral ng metodolohiya sa pagtuturo ng pangalawang wika. Dahil sa ganitong kalagayan ang linggwistika ay naging karaniwang kurso para sa mga titser ng Ingles. Ang pangyayaring ito ay nananatili pa rin sa maraming institusyon hanggang ngayon. Ang report ding ito ang nagbunsod sa paggawa ng mga analisis na kontrastib. Inihambing ang struktura ng Ingles at ng mga etnikong wika para maliwanagan ang ugat ng mga pagkakamali ng mga Pilipino kapag gumagamit sila ng Ingles nang sa ganoon ay malapatan ng karampatang lunas. Dahil sa pangangailangang mapag-aralan ang mga etnikong wika para sa mga ginagawang kontrastib analisis, nagwakas ang Prator report sa pagtata-tag ng Philippine Center for Language Study noong 1957. Ito ang naging sentro ng mga pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas. Ang opisinang ito'y ipinailalim sa Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas at ng University of California, Los Angeles (Constantino, 1971). Makalipas ang ilang taon, ang senter ay inihihwalay sa UCLA noong 1965 at napasailalim naman ng Philippine Normal College. Bukod sa sentro, nagkaroon din ng prajek sa pagtuturo ng pangalawang wika sa UCLA. Sa pagtustos ng Rockefeller Foundation sinanay ang mga Pilipino sa mga paraan ng pagtuturo ng pangalawang wika at bumuo din ng isang laboratoryo para sa pag-aaral ng mga problema sa wika.

Kung tutuusin, naging mabunga sa panahon ng mga Amerikano ang mga pag-aaral ng linggwistika sa pananaw ng isang linggwista. Ngunit kasabay ng pagsulong na ito ang hindi namamalayang pagkukundisyon ng isip ng mga Pilipino. Sa kasamaang-palad hindi naging mabuti ang naging resulta nito para sa atin. Nakipaglaban pa rin ang mga Pilipino dahil ayon nga kay Agoncillo, (1973) naniniwala silang ang mga Amerikano ay kapalit lamang ng mga Kastila.

Ang malawakang sistema ng pag-aaral publiko ang siyang naisip na paraan ng mga Amerikano para mapayapa ang mga tao. Sa ganitong paraan tuwirang nalantad ang mga Pilipino sa mga kanluraning sining at agham na nagbunga sa pagtanggap natin sa katutubong atin at pagpapa-

halaga sa anumang banyaga (Agoncillo, 1973). Sabi nga ni Renato Constantino (1966), ang paghuhubog ng isip ang pinakamahusay na paraan ng pananakop. Ito ang nagpatindi sa alienasyon ng mga Pilipino sa kanilang sariling lugar at kultura. Kaya nga opisyal mang makamit natin ang kalayaan noong 1946, nagpatuloy pa rin ang mga tradisyong Amerikano sa mga pag-aaral natin. Hindi lamang umasa sa mga tradisyong ito ang mga iskolar natin kung hindi lubus-lubusan na silang napadala. Dahil dito ang linggwistikang Pilipino ay naging karugtong lamang ng linggwistikang Amerikano (Constantino, 1971). Ang Pilipinas tuloy ang naging laboratorio ng mga modelo, tiorya at paraang popular sa Amerika. Malinaw itong makikita kung titingnan ang mga disertasyong doktoral na tumatalakay sa mga wika sa Pilipinas na ginawa sa mga unibersidad sa Amerika.

Sa pag-aaral ni Pastrana (1977), di-kukulangin sa 46 na ang nakatapos ng doktorado sa linggwistikang Pilipino mula 1947 hanggang 1977. 26 sa kanila ang Pilipino. Sa bilang na ito, 19 ang maliwanag na gumamit ng modelong Amerikano kagaya ng tagmemics ni Kenneth Pike, grammar na transpormasyonal ni Chomsky, analisis ni Robert Lado sa pagtuturo ng wika at ng heneratibong grammar sa semantika ni Wallace Chafe. Nang bumalik sa Pilipinas ang karamihan sa kanila, hindi lamang sila nanguna at namuno sa kani-kanilang departamento sa iba't ibang institusyon kung hindi naging impluwensyal pa sila sa kanilang disiplina at sa mga larangang nangangailangan ng kanilang kagalingan. Sa pagdami ng mga linggwistang Pilipino buhat 1959, umunlad ang pag-aaral ng linggwistika kahit na maka-Amerikano pa rin ang pamamaraan.

Sa kabilang dako, ilang linggwista ang naging aktibo at seriosong nagtrabaho upang matatag ang mga samahan at institusyon na naglalayong hindi lamang mapag-aralan ang mga wika sa Pilipinas kung hindi makapaggawad din ng doktorado sa linggwistika. Nanguna ang Department of Linguistics and Asian Languages ng UP sa pagtatag ng programang doktorado sa linggwistika noong 1970. Natugunan ng programang ito ang pangangailangan ng mga Pilipinong makatapos ng ganitong digri nguni't walang pagkatataong mangibang bansa. Dala ito ng mababang prioridad ng iskolarsyip para sa mga disiplinaryang inaakalang walang direktang kaugnayan sa pambansang kaunlaran. Ibinigay ang pinakahuling grant sa linggwistika ng Fulbright noong 1971 kay Guillermo Sambrano. Samantalang sa East-West Center naman, nagkakaroon ng konsentrasyon sa "research assistantship" at hindi na sa programang nagbibigay ng digri.

Hindi na nag-iisa ang UP sa paggawad ng doktoradong ito. Dahil batid ang kakontian ng mga linggwistang Pilipino sa bansa, dalawang institusyon ang nagkaisang magsanib upang magamit ang kani-kanilang kakayahan. Ito ang nagbunsod sa pagkakatatag ng Ateneo-PNC Consor-

tium noong 1971. Sa kasalukuyan tatlong institusyon na ang kasama sa consortium na ito — Ateneo, PNC at De La Salle. Ang doktorado ngayon ay sa edukasyong baylinggwai.

Ang pangatlong institusyon na naggagawad ng doktorado sa linggwistika ay ang St. Louis University sa Baguio City. Ang programa ng St. Louis University ay isang programa ng kooperasyon ng Belgium at ng nasabing unibersidad. Katulong dito ang mga propesor na sina Willy Giest at Yavan Putseip.

May ilan pang institusyon na mahalaga ring banggitin sa pagsisikap na ito. Ilan dito ang hindi lamang gumagawa ng pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas kung hindi nagpipilit din silang mapaunlad at mapalaganap ang mga kaalamang linggwistika. Sa pagtalakay ng mga institusyong ito natin makikita ang kalagayan ng linggwistika sa Pilipinas ngayon. Ang pagtuturo ng kursong ito'y laganap na sa maraming unibersidad.

Gusto naming ipakita sa bahaging ito ang kalagayan ng pagtuturo at pag-aaral ng linggwistika sa Pilipinas at hindi ito nangangahulugan na linggwistikang Pilipino bagaman may ilang pagsisikap sa mga institusyong nabanggit sa direksyong ito.

Sa Far Eastern University, ang mga kurso sa linggwistika ay ibinilang na kurso sa wikang Ingles bagamat ang deskripsyon at nilalaman ng kurso ay talagang linggwistika. Dahil sa layuning makapagbigay ng wastong gabay sa mga titser para sa isang epektibong pagtuturo ng wika, ang mga kurso sa ponolohiya, morpolohiya at sintaks ay tuwirang tumatalakay sa wikang Ingles. Bahagi ang mga kursong ito ng kurikulum ng mga estudyanteng major sa Ingles. Bagama't ang mga kurso sa aplayd na linggwistika ay pumapaksa din sa Pilipino, ito'y hanggang sa analisis sa linggwistika ang unibersidad na ito.

Ang kalagayan ng disiplina sa University of the East ay katulad din ng nangyayari sa Far Eastern. Kahanay din ng mga kurso sa Ingles ang sa linggwistika, kaya lang nabigyan na ang mga ito ng ibang titulo, Linguistics na at hindi na English gaya sa Far Eastern. Bahagi rin ang mga kursong ito ng kurikulum ng AB English.

Naging aktibo minsan ang University of the East sa disiplinaryang ito, nang itatag, labing-isang taon na nag nakalilipas, ang University of the East Center for Language Education and Research. Ang senter na ito ay tumagal lamang ng limang taon, mula 1967-1972. Sa layuning pabutihin ang edukasyon ng mga Pilipino sa pamamagitan ng wastong paggamit ng wika, ang mga aktibo sa senter ay nagsanay, nagbigay ng direksyon at nagmulat ng mga titser sa paggamit ng mga matiryaales at teknik na binuo sa Amerika. Kumuha sila ng mga estudyanteng sasana-yin sa pagsasalita ng Ingles at sila'y tinuruan ng wikang ito sa paraang batay sa Harvard Graded Direct Method. Ang paraang ito ay sinubukan

sa Pilipinas upang mapatunayan kung mas mabisa kaysa sa ibang metodo. Sang-ayon sa mga nakausap naming mga propesor sa unibersidad, hindi natapos ang pag-aaral na ito. Ang pondo ng nasabing senter ay galing sa unibersidad mismo.

Makikita sa dalawang unibersidad na ito ang pagiging kasuno lamang ng linggwistika sa departamento ng wikang Ingles. Kung бага sa isang struktura hindi pa maihawalay ng lubusan ang linggwistika dito, dala marahil ng kakontian ng kurso.

Bagaman at sa Unibersidad ng Santo Tomas ay may matatawag na programa sa linggwistika para sa master, walang sariling departamento ang disiplinang ito. Gayundin naman wala itong sariling hanay ng mga propesor. Ang mga humawahak sa mga kurso ay mga propesor na galing sa Unibersidad ng Pilipinas, De La Salle University at iba pa. Dalawa ang konsentrasyon ng mga major na estudyante, ang aplayd na linggwistika at ang linggwistikang tioretikal. Sa una, ang mga kurso ay nakatuon sa Ingles at kung hindi man ay sa ibang banyagang wika. Halimbawa, mayroon silang pagsusuri ng mga libro, kurso at mga matiryaales sa kurikulum ng pag-aaral ng Ingles bilang pangalawang wika. Mayroon din silang kurso para sa paghahanda ng mga "instructional materials" at mga "sample language tests." Sa tioretikal naman, ilang mga kurso din ang tuwirang pumapaksa sa wikang Ingles. Kasama na rito ang ponetika at ponemika ng Ingles at mga signal ng kahulugan sa Ingles din. Gamit din dito ang modelong stratipikasyonal, transpormasyonal at tagmimik. May ilang kursong pumapaksa sa Pilipino nguni't ito'y maliit na bahagi lamang kung ihahambing sa pangkalahatang listahan.

Ang mga linggwistikang pag-aaral na karaniwang isinasagawa ng mga estudyante ay tungo sa baylinggwalismo at sosyolinggwistika.

Sa Philippine Normal College, ang pag-aaral ng linggwistika ay hindi sa isang pansariling programa kung hindi bahagi lamang ito ng programa ng master sa Pilipino at pagtuturo ng pangalawang wika. Ang mga kursong linggwistika ay pumapaksa din sa wikang Ingles, maliban lang sa mga kursong ang konsentrasyon ay sa wikang Pilipino. Bukod sa programa ng master na may kinakailangang tisis ang estudyante, mayroon ding katumbas ito sa "graduate certificate" sa Pilipino man o sa pagtuturo ng wika. Ang huli ay mas popular para sa titser ng wika.

Ang kolehiyong ito ay lumalahok din sa mga pag-aaral na linggwistika sa Pilipinas, dahil nasa ilalim ng pamamahala nito ang Philippine Language Study Center, isang sentro ng pag-aaral at pagsasanay linggwistika sa bansa. Layunin nito na humubog ng mas magagaling at epektibong titser sa pagtuturo ng pangalawang wika, lalo na ng mga wikang Ingles at Pilipino. Naghahanda ang mga linggwista dito ng isang serye ng mga librong Ingles para sa mabababang eskwelahan sa buong

bansa. Deskriptib ang oryentasyon ng nasabing institusyon at analisis na kontrastib naman ang gamit nila sa pagsasagawa ng kanilang layunin. Sa kasalukuyan ang senter ay abala sa paggawa ng sarbey ng mga palising pangwika at sa programang kaugnay ng pagbuo ng kurikulum at paggawa ng mga teksbuk.

Isa sa institusyong may nakabukod na departamento ng linggwistika at may sariling programa para dito ang Ateneo de Manila University. Sa ilalim ng pamamahala ng Department of Language and Linguistics nito, dalawang programa ang kanilang ibinibigay — isang programang master sa linggwistika o pagtuturo ng wika at isang Sertipikong programa sa pagtuturo ng wika lamang. Ang programang master ay naglalalayong magsanay ng mga titser para sa isang epektibong pagtuturo ng wika, lalo na para sa isang matagumpay na implementasyon ng palising baylinggwal. Layunin din nitong magsanay ng mga estudyanteng lalahok sa mga deskriptib na pag-aaral na tutulong sa makabuluhang pagpapalano ng wika.

Sa kasalukuyan ang mga myembro ng departamento ay gumagawa ng mga pag-aaral na tungo sa aplayd na linggwistika at sosyolinggwistika. Maibibilang dito ang mga sumusunod na pag-aaral: "Proficiency Test in Pilipino" ng departamento, "Code Switching in Business Transactions", "Proficiency Test in Pilipino" at "Language Behavior Profile" ni Emy Pascasio at marami pang iba. May ilan ding pag-aaral na aplayd gaya ng "Pedagogical Grammar of Pilipino" ni Gloria Chan-Yap at Teresita Palo at ilang pag-aaral gaya ng "Subgrouping of Philippine Languages" ni Teresita Palo.

Ang Ateneo de Manila at Philippine Normal College ay magkalahok sa paggagawad ng doktorado sa linggwistika sa ilalim ng isang konsorsyum. Naglalayon itong magsanay ng mga iskolar na tutulong sa pag-aaral, pagtuturo at pagpapalano ng wika. Ang mga humahawak ng mga kursong linggwistika ay hindi lamang galing sa dalawang institusyong ito kung hindi kasama rin ang mga propesor sa Unibersidad ng Pilipinas at De La Salle University. Sa dalawa, ang Ateneo ang naggagawad ng doktorado nguni't ito'y hanggang sa panahong lamang hindi pa maaari ang Philippine Normal College. Hinahati nila sa apat na konsentrasyon ang programang ito, ang linggwistikang tioretikal, aplayd na linggwistika, Malayo-Polynesian at ang pag-aaral na interdisiplinari. Sa ngayon, walong estudyanteng Pilipino na ang nakatapos ng doktorado sa Konsorsyum. Kauna-unahang nagtapos ng doktorado sa programang ito si Gloria Chan-Yap na sumulat ng "Hokkien Chinese Borrowings in Tagalog". Ang iba pang disertasyong natapos na ay "The Linguistic Competence of the Filipino Bilingual" ni Lourdes Bautista, "Subcategorization on the Selectional Restrictions of English Verbs" ni Elvira Vergara, "The Dialects of Marinduque Tagalog" ni Rosa Sobe-

rano at "A Test of Communicative Competence in Pilipino" ni Emma Castillo.

Ang mga kursong linggwistika sa De La Salle University ay nasa pamamahala ng Graduate School of Education. Ang mga kursong ito ay bahagi lamang ng programa sa master sa edukasyon. Layunin ng mga kursong ito na tulungan ang mga estudyante sa aplikasyong pedagogikal ng mga tiori sa linggwistika. Sa ganitong paraan, nagkakaroon sila ng tamang pananaw at metodolohiya sa pagtuturo ng wika. Sa De La Salle, nakatali pa rin sa mga kurso ng edukasyon ang mga kurso sa linggwistika.

Karamihan ng pag-aaral sa institusyong ito ay tungo sa aplayd na linggwistika at sosyolinggwistika. Kasama na dito ang mga sumusunod: "Philippine English in the Mass Media" at "Acceptability of Family Planning Terms in Pilipino" ni Bro. Andrew Gonzales, "English for Special Purposes" ni Casilda Luzares, "Ethnography of Speaking in the Radio Soap Opera" ni Lourdes Bautista at Joe Reyes. Sa sikolinggwistika, kasama ang "Child Language Acquisition" ni Brother Andrew, sa historikal ang "Development of Bahasa Indonesia" ni Hussein Abbas at sa linggwistik na giograpi ang "Linguistic Atlas of the Philippines" ni Curt MacFarland.

Sa Unibersidad ng San Agustin at Unibersidad ng San Carlos, wala ding masasabing programa sa linggwistika. Ang mga kurso sa San Agustin ay bahagi ng programang master sa edukasyon samantalang sa San Carlos naman, ang mga ito'y nakatali sa programa ng master sa Ingles. Ang mga kurso nila ay tuwirang pumapaksa sa linggwistikang Ingles. Ganito rin ang nangyayari sa Centro Escolar University at sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila. Bagaman sa huling institusyon, ang mga kurso ay bahagi ng kurikulum sa digring "undergraduate" na AB English at BS in Education.

Sa kakulangan ng panahon at pagkakataong maabot ang iba pang institusyon hindi na naisama ng sarbey ang iba. Sa aming palagay, naipakita na namin ang mga representatibo na aktibong lumalahok sa linggwistikang pag-aaral sa Pilipinas.

Sa wikang Ingles o sa Pilipino lamang ang nakikita nating diin sa mga pag-aaral na ito. Napakaliit na bahagi, kung mayroon man ang atensyong ibinibigay sa mga minor na wika. Ang SIL, na nabanggit na, ang lumalahok sa pag-aaral ng mga minor na wika. Ang kanilang pinansyal na pangangailangan ay nanggagaling sa mga organisasyon at mga kaibigan.

Sa kanilang pagsasagawa ng tatlong programa ng linggwistika, literasi at pagsasalin ng wika umaabot sila sa lahat ng panig ng Pilipinas, kung saan mayroon silang mga sentro. Pinakamalaki sa mga sentrong ito ang Nasuli Center sa Mindanao.

Ang mga publikasyon ng SIL ay hindi lamang nakatuon sa mga deskriptib na pag-aaral ng mga wika sa Pilipinas na totooong napakarami na, kundi pati na rin sa maraming aspekto ng pamumuhay ng mga minoriya. Tumutulong din sila sa kalagayang pangkalusugan ng mga lugar na ginagalawan nila. Marami na rin silang nagawang pag-aaral na historikal at komparatib noong nagdaang taon.

Nakikipag-ugnayan at nakikipagtulungan ang SIL sa iba pang institusyon gaya ng Linguistic Society of the Philippines, Philippine Association of Language Teachers at sa Surian ng Wikang Pambansa para sa lalong ikauunlad ng linggwistika dito sa Pilipinas. Napakalaking kontribusyon ang mga natapos nang pag-aaral ng SIL.

Ang Surian ng Wikang Pambansa (SWP) ay isang sangay ng gobyerno na naatasang magpalaganap at magpayaman ng wikang pambansa.

Itinakda ng batas na Tagalog ang maging batayan ng Pilipino. Gayundin, batas ang nagsabing tatawagin itong Filipino, batay sa mga wika sa Pilipinas. Ang bagay na ito ay isang kontrobersyal na isyu kaya ang panahon ng mga taga-surian ay ibinubuhos sa mga gawaing may kinalaman sa wikang pambansa. Kabilang sa mga ito ang "Pedagogical Grammar of Pilipino" ni Concepcion Javier at "Manila Dialect Survey" ni Fely Castillo.

Ang New Tribes Mission at Inter-Church Language School ay mga organisasyon ding nagtataguyod ng pag-aaral ng linggwistika sa Pilipinas. Ngunit sa papel na ito, hindi na maibibigay ang mga detalye tungkol sa kanilang mga kasalukuyang gawain.

Bagamat ang pag-aaral ng mga wika ay bahagi pa rin ng programa ng institusyon, nagbubuhos din ito ng panahon sa pagkuha at pag-sisimpan ng mga literatura ng Pilipinas. kaugnay ito ng Kagawaran ng Edukasyon sa paghahanda ng mga teksbuk sa Pilipino at sa pagpapalaganap nito.

Isa pang sentro ng pag-aaral ng linggwistika, ang Pilipinas ay ang Departamento ng Linggwistika at mga Wika sa Asya ng Unibersidad ng Pilipinas na itinatag noong 1923.

Ang departamentong ito lamang ang may programa sa linggwistika sa tatlong antas, AB, master at doktorado. Sa programang doktorado, may tatlong konsentrasyon, ang pangkalahatang linggwistika ang historikal-komparatib at ang linggwistikang Pilipino. Sa ngayon, lahat halos ng myembro ng departamento ay may sari-sariling pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas na paunang tioretikal. Nariyan ang "Grammatical & Lexical Analysis of Sambal Ayta" ni Jonathan Malicsi, "Towards a Full Reference Grammar of Ilokano" ni Ernesto Constantino at Consuelo Paz. Sa mga propesor na humahawak din ng mga wika sa Asya ang pag-aaral ay nakatuon sa mga wika sa Asyang ito na may layuning gumawa ng gramar nito para sa madaling pagkatuto ng mga

estudyanteng Pilipino.

Para magkaroon ng patuloy na pag-unlad sa linggwistika, ang departamento ay naghahanda ng buwanang lektyur, kung saan nag-iimbiba ng mga linggwistang maaaring makapagdagdag ng kanilang kaalaman sa larangang ito.

Ang departamento ay nakikipagtulungan at nakikipag-ugnayan sa mga departamento ng sikolohiya at sosyolohiya sa pagbibigay ng mga kursong tungo sa sikolinggwistika at sosyolinggwistika.

Ang pag-aaral linggwistika sa Unibersidad ng Pilipinas ay hindi lamang binabalik ng departamentong ito. Kasama dito ang dalawang pang-departamento sa UP bagaman at magkaiba sila ng oryentasyon at direksyon. Sa Institute of Language Teaching dalawang programa, sa master at doktorado, ang kanilang ibinibigay at parehong sa pagtuturo ng wika. Ang mga pag-aaral na ginagawa dito ay tungo lahat sa aplayd na linggwistika gaya ng "Materials Production, English and Pilipino" ng buong institusyon, "English for Students of Fisheries" ni Rosario Maminta at "Intensive Course on Filipino for Adult Learners" ni Carolina Rionda.

Maging ang Departamento ng Filipino at mga wika sa Pilipinas ay nagbibigay na rin ng mga kurso sa linggwistika. May ilan ding propesor dito ang nagsasagawa ng pag-aaral ng linggwistika gaya ni Nelly Cubar sa kanyang "Balarila ng Wikang Pambansa", si Pamela Cruz na kasama nina Constantino at Paz sa "Codification of the National Lingua Franca" at si Jesus Ramos sa larangan ng sosyolinggwistika.

Ang mga pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas ay patuloy na sinusuportahan ng Philippine Social Science Council, National Research Council of the Philippines at Social Sciences and Humanities Research Council at National Science Development Board-University of the Philippines. May humigit-kumulang sa dalawang daang libong piso na ang naibigay ng mga opisinal na ito para sa taong 1977 hanggang 1978 bilang tulong. Ilan sa mga pag-aaral na ito ang natapos na at ilan pa ang kasalukuyang ginagawa.

Kasama ng mga unibersidad at institusyong ito ang ilang samahang lumalahok din sa mga gawaing linggwistika sa bansa.

Ang Linguistic Society of the Philippines na itinatag noong 1970 ng mga pangunahing linggwista ng Philippine Normal College at Ateneo ay isa na rito. Naglalabas ang samahan ng *Philippine Journal of Linguistics* kung saan nalalathala ang mga pag-aaral sa Pilipinas ng mga linggwistang Pilipino o maging ng dayuhan. Bukod dito ang samahan ay nagtataguyod ng buwanang lektyur tungkol sa mga pangkasalukuyang tapik ng pag-aaral at ng mga Round Table Conferences na tumatalakay naman sa mga problema ng wikang pambansa. Para sa tulong na pinansyal ang LSP ay nakakakuha sa National Science Develop-

ment Board, Philippine Social Science Council at Financial Assistance for Private Education lalo na sa kanilang publikasyon.

Dahilan sa nakikitang pagkiling ng LSP sa Ingles, ang ilang linggwista naman ay nagtatag ng isang samahang mag-uukol ng panahon sa pag-aaral ng wikang Pilipino. Ang Samahan ng Linggwistikang Pilipino ay natatag noon ding 1970 sa ilalim ng pamumuno ni Al Perez ng Philippine Normal College. Inako ng samahang ito ang pagpapalaganap sa wikang pambansa. Sapagkat maraming titser ng Pilipino ang walang pagkakataong pumunta sa Maynila, nagtaguyod ang samahan ng mga seminar sa iba't ibang panig ng Pilipinas para matulungan ang mga titser na ito sa wikang Pilipino. May kasamang sertipikasyon para sa bawa't isang dadalo, ang seminar na ito'y pagtutulong ng samahan, SWP at Kagawaran ng Edukasyon. Mula 1970-1978, 35 na pambansang seminar na ang naitaguyod nito. Ang publikasyon nila ay ang *Linggwistikang Pilipino*.

Sa takbo ng mga paglalahad na ito, masasabing ang linggwistika bilang isang disiplina ay matatag na sa malalaking institusyon gaya ng UP, Ateneo de Manila, de La Salle at Philippine Normal College, bagaman at sa ilan sa kanila ang disiplinang ito ay hindi pa rin nagsasarili. Kung hindi ito bahagi ng ibang departamento bahagi naman ito ng Kolehiyo ng Edukasyon. Madalas kaugnay lamang ito sa programang master at doktorado sa pagtuturo ng wika. Ganoon pa man, dumarami ang mga estudyanteng nagkakainteres sa ganitong pag-aaral. Patuloy ang pagsusumikap ng mga institusyon at mga samahan, pribado man (gaya ng SIL at hindi gaya ng SWP, na mapasulong ang linggwistika sa Pilipinas, bagaman may kani-kanila silang layunin at oryentasyon. Ang takbo ng pag-aaral ay tungo sa aplayd na linggwistika at sosyolinggwistika sa maraming institusyon. Tioretikal at aplayd naman ang takbo sa Unibersidad ng Pilipinas. Patuloy ang pagtustos ng malalaking organisasyon sa mga pag-aaral na ito, patunay lamang ng kanilang pagpapahalaga sa kahalagahang pambansa ng mga gawaing ito. Dalawang bagay lamang ang kapuna-puna sa mga pangyayaring nagaganap sa linggwistika sa Pilipinas. Una, ang patuloy nating pag-asa sa mga pag-aaral na hindi angkop sa mga wika natin at pangalawa, ang pagpaksa ng marami sa ating kursong linggwistika sa wikang Ingles, at hindi sa mga wika natin. Kapuna-puna din na ang linggwistika ng Ingles ay nahahati sa iba't ibang kurso, nguni't kung sa Pilipino ay pinipisan lamang sa isa.

Nakakalungkot din namang isipin na marami sa mga estudyanteng nagtapos ng programa sa linggwistika ang hindi nalalagay sa tamang gawain matapos ang maraming taong pag-aaral. Ang marami ay nagiging titser ng Ingles at ang ilan ay nagiging administrador sa mataas na paaralan. Marahil isa din ito sa nakakapigil ng tuluyang pagsulong ng disiplina sa bansa. Sa ganitong kalagayan, ano kaya ang patu-

tunguhan ng linggwistikang Pilipino?

Upang maging makabuluhan ang pagsusuri ng patutunguhan nito, dapat isa-alang-alang ang tatlong bagay—ang naging direksyon nito, ang kasalukuyang direksyon at kung ano ang nararapat na direksyon.

Dahil dala ng dayuhan ang pag-aaral ng linggwistika sa Pilipinas, hindi nakapagtataka na ang naging direksyon nito'y sa ikatutupad ng kanilang mga layunin. Sino nga ba ang manlulupigna uunahin muna ang kapakanan ng kanyang sinasakop?

Nguni't ang masama nito'y kahit na sa ating paglaya at pagsasarili noong 1946 sa mga Amerikano, nagpatuloy pa rin ang pagpapahalaga sa kaisipang hindi maka-Pilipino. Ang pag-aaral ng wika na siyang tatalakayin ay isa lamang sa mga aspekto ng kultura na nagpapahiwatig ng epekto ng kolonyalismo.

Tuluyan nang nabighani ang mga Pilipino sa wikang Ingles at sa mga pag-aaral upang ito'y palaganapin. Ang dami ng mga kontrastib na pag-aaral ng Ingles at mga etnikong wika ang magpapatunay nito. Inihanay ng Pilipinong linggwista ang kanyang pagsusuri sa mga nagawa na ng mga linggwistang banyaga. Ito ba'y dahil mas madaling gumaya kaysa sa magpasimula ng sariling pag-aaral o dahil sa malabisang pagpapahalaga sa mga modelong banyaga? O marahil gusto din nating ipakita na kaya din natin ang ginagawa nila. Sa ganitong kaisipan, lubusan nilang tinanggap ang mga sinabi ng mga linggwistang ito. Nasikil ang pagiging malikhaing mga Pilipino dahil sa mga limitasyon ng mga inaunang sumuri. Iniakma ang wikang sinusuri sa mga dayuhang modelo sa halip na piliting palabasin ang tunay na istruktura ng wika batay sa mga pansarili nitong katangian.

¹Isang inspirasyon sa pagsulat ng bahaging ito ang mga maka-Pilipinong ideya ni Dr. Ernesto Constantino.

Isang mahalagang hakbang ang pagtatatag ng programang doktorado sa linggwistika sa Pilipinas. Ito ang magbibigay ng pagkakataon sa mga iskolar ng wika, kung kanilang nanaisin, na bumuo ng tradisyong hindi banyaga ang oryentasyon kundi Pilipino.

Sa pitong taon ng pagkakaroon ng programang ito, ilan lamang ang nagtangkang umalpas sa impluwensiya ng mga banyagang modelo. Maaaring banggitin dito ang disertasyon ni Consuelo Paz, ang kauna-unahang nakatapos ng doktorado sa UP, "A Reconstruction of Proto-Philippine Phonemes and Morphemes" (1977) sa pagsubaybay ni Dr. Ernesto Constantino. Sa disertasyong ito nagtatag si Paz ng mga tunog at salita ng inaakalang orihinal na wika

Ayaw din naman naming ipagwalang-bahala ang mga pag-aaral ng mga linggwista sa ibang bansa. Mabuti rin namang malaman ang pinakahuling pangyayari sa larangan ng ating interes. Kaya lamang sa pagsabay na ito, sana'y huwag namang mapigil o maimpluwensiya ang ating orihinal na kaisipan. Kailangan ang matatag na determinasyon upang mapaglabanan ito. Maaaring may lapat ding paraang banyaga sa ating mga pag-aaral nguni't hindi sana pikit-mata ang pagsunod sa talagang mga salungat naman. Sa pagsusuri, sana'y tanungin ang sarili: Bakit ganito ang aking pagsusuri? Dahil ba ito'y nasabi na noong una? O dahil talagang ganoong pagsusuri ang ipinapakita ng wikang pinag-aaralan?

Kung makakalaya na tayo sa pagkiling natin sa mga dayuhang modelo, sino ang makapagsasabi, baka isa dito sa atin ngayon ang bumago sa tradisyon kagaya ng ginawa ni Chomsky?

Tayong Pilipino lamang ang makakapagpalaya ng linggwistikang Pilipino. Kung mangyari ito, saka lamang ito magiging tunay na Pilipino.

BIBLIOGRAPIYA

Agoncillo, Teodoro A. and Milagros Guerrero. 1973. *History of the Filipino People*. Quezon City: R.P. Garcia Publishing Co.

Asuncion-Lande, Nobleza, 1970. Theoretical and Methodological Trends in Philippine Linguistic Research. *Anthropological Linguistics* 12.6.208-25.

-----, 1971. *A Bibliography of Philippine Linguistics*. Ohio: Center for International Studies.

Ateneo-PNC Consortium. Ph.D in Linguistics. (Information manual).

Constantino, Ernesto. 1968. Tagalog and other Major Languages of the Philippines. *Current Trends in Linguistics*. ed. by Thomas A. Sebeok Vol. 8 The Hague: Mouton, 1971.

Constantino, Renato. 1966. *The Miseducation of the Filipino*. Quezon City: Malaya Books.

Directory of Filipino Participants in the Educational Exchange Programs of the Department of State East-West Center and Phil. American Education Foundation. 1948-1975. Manila: PAEF office.

Far Eastern University. Bulletin of Information. Academic year 1977-1978. The Institute of Arts and Sciences.

Flores, Angelito G. 1977. Ang Surian ng Wikang Pambansa 1937-1977. Unpublished Master's Thesis. University of the Philippines.

McKaughan, Howard. 1977. Linguistics in the Philippines. Its Historical Setting: *PJL*. Vol. 8. nos. 1 & 2.

Magat, Gil. 1915. *Gramatica qng Sabing Castila't Kapampangan*. Manila.

Pastrana, Cecilia C. 1977. Doctoral Dissertations on Philippine Languages done in American Universities: 1947-1976. Unpublished term paper for Philippine Linguistics 302: History of Philippine Linguistics. University of the Philippines.

Phelan, John Ledy. 1955. Philippine Linguistics and Spanish Missions. 1965-1700. *Mid-America* 27:153-70.

PNC, Graduate Programs. 1976-1977.

Ramos, Jess Fer. 1978. Ang Politika ng Pagpaplanong Pangwika sa Pilipinas (1898-1941). Unpublished Master's Thesis, University of the Philippines.

Summer Institute of Linguistics. Philippine Annual Report. 1977.

University of Santo Tomas. Graduate School Prospectus. 1977-78.

Ward, Jack L. M. 1971. A Bibliography of Philippine Linguistics & Minor Languages. Data paper no. 83 Southeast Asia Project, Department of Asian Studies, New York, Cornell University.

Waterman, John T. 1963. *Perspective in Linguistics*. Chicago: The University of Chicago Press.

English Summary

Changes in the political situation of a country have corresponding changes in the language situation. It is a fact that the coming of various foreign forces to occupy the Philippines generated a series of changes in language studies which we still experience today.

The Spaniards kept Spanish for the texts of the Christian doctrine but used the vernacular in propagating Christianity. They wrote confessionals and catechisms in the vernacular. However, their linguistic studies of the vernacular followed European models, which gave rise to their finding "deficiencies" in Philippine languages, perhaps strengthening their belief that the Philippines had a low-level culture. There were also some Filipinos who did linguistic studies. One is Magat who published a grammar of Spanish written in Kapampangan (1915) in order to help the youth learn the "beautiful" Spanish language.

The Americans introduced the scientific study of Philippine languages. Several important studies were completed during their regime, among them the works of Conant (1910, 1912) and Costenoble (1973) in historical linguistics, the grammars of Tagalog written by Bloomfield (1917), Blake (1925), and Lopez (1941), and Vanoverbergh's studies on Iloko. It was also during this period that Lopez became the first Filipino to attain a doctorate in linguistics, from Hamburg in 1928. It was not until the late '50s that other Filipinos had the opportunity to complete their doctoral studies in linguistics abroad.

After WW II, the American influence on Philippine linguistics remained very strong. The Prator report, "Language Teaching in the Philippines", resulted in a flurry of contrastive linguistic studies and the establishment of the Philippine Center for Language Study in 1957 under the then Department of Education and the UCLA, and later, in 1965, under the Philippine Normal College.

In effect, the Philippines became another field laboratory for testing American models, theories, and methodologies. Of the 26 Filipinos who completed the doctorate in linguistics between 1947 and 1977, 19 clearly used American models. Furthermore, many of them returned to the Philippines and became influential in Philippine linguistics as researchers, professors, and administrators.

Filipino linguistics shortly set up professional organizations — both the Linguistic Society of the Philippines and the Samahan ng

Linggwistikang Pilipino were organized in 1970. PhD programs in linguistics were also established in three institutions — at UP, in the Ateneo-PNC-De La Salle consortium, and at St. Louis University. Other institutions concerned with Philippine linguistics were founded—the Surian ng Wikang Pambansa, the Philippine branch of the Summer Institute of Linguistics, the New Tribes Mission, and the Inter-Church Language School.

Academically, as of now, linguistics is mostly taught as part of an English or Pilipino degree program, and very few institutions have departments devoted to linguistic studies. At UP, there are the Institute of Language Teaching, the Department of Filipino and Philippine Languages¹, and the Department of Linguistics and Asian Languages (the latter being the only one in the country with AB, MA, and PhD degree programs in linguistics). Ateneo has the Department of Language and Linguistics. UST has a graduate program in Linguistics but without a separate department nor resident faculty members.

It can be said that linguistics as a discipline is already well-established in the research and teaching institutions mentioned, as these are constantly striving to advance its cause. But two things are worth considering. The first is our continuing dependence on studies which are not suitable for Philippine languages, and the second is our focus on English linguistics. These but indicate the effects of colonialism on our culture.

We do not discount the importance of linguistic studies done in other countries. Still, these should not hinder us from coming up with original ideas. While there may be foreign models applicable to Philippine languages, we should not accept and use them blindly. If we could free ourselves from foreign models, perhaps one of us might also change the course of Linguistics, as Chomsky did. It is only after we liberate Philippine linguistics that it becomes truly Filipino.

¹ now the Department of Filipino and Philippine Literature.